Distrito sa Tubig ng Munisipyo ng Yuima
Hindi Pagpapatuloy ng Serbisyo sa mga Mamimiling Residente dahil sa Hindi Pagbabayad

Maaaring kontakin ng mga mamimili ang Distrito sa (760) 742-3704 upang talakayin ang mga opsiyon upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad ng serbisyo sa residente sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito. Maaaring putulin ng Distrito sa Tubig ng Munisipyo ng Yuima ang serbisyo sa tubig sa residente sa mga mamimiling nabigong magbayad alinsunod sa mga tuntunin ng patakarang ito.

Ipagpapatuloy ang serbisyo sa residente hanggang sa ang isang bayarin ay nahuli sa pagbabayad nang hindi bababa sa 60 araw at ang mamimili ay kinontak sa pamamagitan ng koreo pati sa sabitan sa pintuan nang hindi bababa sa 7 araw bago ang pagputol. Kasama sa abiso ang: ang pangalan at tirahan ng mamimili, ang halaga ng nahuling pagbabayad, ang petsa kung kailan kailangan ang pagbabayad o areglo sa pagbabayad upang sa gayon maiwasan ang ang hindi pagpapatuloy ng serbisyo sa residente, isang paglalarawan ng proseso upang maghain ng aplikasyon para sa areglo ng pagbabayad, isang paglalarawan ng pamamaraan upang salungatin ang isang bayarin, at ang numero ng telepono ng Distrito.

Ang mga bayarin ay dapat bayaran sa sandaling matanggap at itinuturing na nahuli sa pagbabayad kung hindi natanggap ang bayad sa opisina ng Distrito nang 2:00 pm sa huling araw ng trabaho ng buwan kung kailan napetsahan ang bayarin. Kung ang pagbabayad ay ginawa pagkatapos ng 2:00 pm sa huling araw ng trabaho ng buwan sisingilin ang bayad sa nahuling pagbabayad na 5% ng bayarin sa account.

Sinumang mamimili na hindi kayang bayaran ang serbisyo sa tubig sa loob ng karaniwang yugto ng pagbabayad ay maaaring humiling ng isang areglo sa alternatibong pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo. Isasaalang-alang ng Distrito ang lahat ng mga sirkumstansiya ng kahilingan at gumawa ng pagpapasiya kung ang areglo sa pagbabayad ay kailangan. Maaaring kasama sa areglo ng pagbabayad ang pagpapalawig ng petsa na dapat bayaran ang bayarin o ang plano ng pagbabayad nang hulugan.

Para sa mga mamimili na nakatutugon sa lahat ng tatlong (3) kondisyon sa ibaba at nagbigay ng kinakailangang dokumentasyon, mag-aalok ang Distrito sa mamimili ng areglo sa pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo. Ang mga tuntunin at kondisyon ng areglo sa pagbabayad ay pipiliin ng Distrito sa sariling kapasyahan nito.

1. Medikal na Sertipikasyon ng Tagapagkaloob ng Primaryang Pangangalaga – Dapat isumite ng mamimili ang isang sertipikasyon ng isang Tagapagkaloob ng Primaryang Pangangalaga na nagsasaad na ang terminasyon ng serbisyo ay nagbabanta sa buhay o isang seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng sinumang residente ng mga lugar kung saan inilalaan ang serbisyo sa tubig.

2. Pinapatunayan ng mamimili na sila ay walang kakayahang magbayad sa serbisyo sa residente sa loob ng karaniwang siklo ng paniningil ng Distrito sa pamamagitan ng pagsusumite ng ebidensiya na isang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Programa sa Suplementong Kita sa Seguridad/Suplementong Pagbabayad ng Estado, Espesyal na Programa sa Suplementong Nutrisyon para sa Kababaihan, mga Sanggol at Bata ng California o ipinapahayag ng mamimili, sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling, na ang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan.

3. Dapat na handa ang mamimili na pumasok sa isang areglo ng pagbabayad na pinili ng Distrito. Ang mga areglo sa pagbabayad na lumalampas sa susunod na yugto ng paniningil ay ituturing bilang isang plano ng pagbabayad nang hulugan, na dapat gawin nang nakasulat at nilagdaan ng mamimili. Ang isang plano ng pagbabayad nang hulugan ay babayaran nang hulugan ang hindi bayad na balanse sa isang yugto ng panahon na binigyang-kahulugan ng Distrito, hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan mula sa orihinal na petsa na dapat bayaran ang bayarin. Dapat sundin ng mamimili ang mga tuntunin ng plano ng pagbabayad nang hulugan at manatiling napapanahon yamang ang mga singilin ay natitipon sa bawat kasunod na yugto ng panahon ng paniningil. Maaaring hindi hilingin ng mamimili ang areglo ng pagbabayad habang nagbabayad ng mga singilin na nahuli sa pagbabayad sang-ayon sa plano ng pagbabayad nang hulugan.

Ang pagkabigo na sundin ang mga tuntunin ng areglo sa pagbabayad na ipinagkaloob sa ilalim ng seksiyong ito o ang pagkabigo na bayaran ang mga kasunod na singilin sa loob ng yugto ng panahon na 60 araw ay magreresulta sa paglabas ng nakasulat na abiso ng pagputol ng serbisyo.  Ang abiso ng pagputol ng serbisyo ay gagawin sa anyo ng sabitan sa pintuan na inihatid sa tirahan ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo nang nauna sa pagputol ng serbisyo.

Dapat na bayaran ang mga singilin pati ang bayad sa muling pagpapakabit bago ang muling pagpapakabit ng serbisyong isinara.  Karagdagan pa, maaaring hilingin ng Distrito ang isang deposito ng tatlong beses ng halaga ng pinakamataas na bayarin sa buwan sa loob ng nakaraang 12 buwan.

Ang isang mamimili na nagpapakita sa Distrito ng isang kita ng sambahayan na mababa sa 200 porsiyento ng pederal na linya ng kahirapan ay maaaring humiling ng waiver sa mga singilin sa nahuling pagbabayad isang beses kada 12 buwan.

Kung nagbibigay ang Distrito ng serbisyo sa residente na may indibidwal na metro sa mga umookupang residente ng isang hiwalay na bahay na may iisang pamilya, gusali na marami ang nakatira, mobile home park, o isang permanenteng istruktura ng residente sa isang labor camp, at ang nagmamay-ari, tagapangasiwa o nagpapatakbo ng welling, istruktura, o parke ay mamimili na nakatala, gagawin ng Distrito nang may mabuting loob na pagpupunyagi na ipaalam sa mga umookupang residente, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag ang account ay atrasado na ang serbisyo at wawakasan nang hindi bababa sa 10 araw bago ang terminasyon.  Ipapaalam pa ng nakasulat na abiso sa mga umookupang residente na mayroon silang karapatan upang maging mga mamimili, na sa kanila sisingilin ang serbisyo, nang hindi hinihiling na bayaran ang anumang halaga na dapat bayaran sa account na nahuli ang pagbabayad.  Hindi ibibigay ang serbisyo ng Distrito sa mga umookupang residente malibang ang bawat umookupang residente ay sumasang-ayon sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at nakatutugon sa mga kinakailangan ng batas at mga alituntunin ng Distrito.  Gayunman, kung isa o higit pa sa mga umookupang residente ay handa at kayang akuin ang responsibilidad para sa mga kasunod na singilin sa account sa kasiyahan ng Distrito, o kung may pisikal na paraan na legal na mayroon sa Distrito na wakasan ang serbisyo sa mga umookupang residenteng iyon na hindi nakatutugon sa mga alituntunin ng Distrito, ibibigay ng Distrito ang serbisyo sa mga umookupang residente sa mga nakatutugon sa mga kinakailangang iyon.  Sinumang residente na magiging mamimili ng Distrito sang-ayon sa seksiyong ito na ang pana-panahong pagbabayad, tulad ng mga bayad sa renta, kasama ang mga singilin sa serbisyo ng tubig sa residente, kung saan ang mga singiling iyon ay hindi hiwalay na isinaad, ay maaaring kumaltas mula sa pana-panahong pagbabayad sa bawat yugto ng panahon ng pagbabayad ang lahat ng mga makatuwirang singilin na binayaran sa Distrito sa panahon ng naunang yugto ng pagbabayad.  Sa kaso ng hiwalay na bahay ng nag-iisang pamilya, magbibigay ang Distrito ng abiso ng terminasyon nang hindi bababa sa pitong araw bago ang ipinanukalang terminasyon.  Upang sa gayon ang halagang dapat na bayaran sa account na nahuli ang pagbabayad ay iwi-waive, hilingan ang naninirahan na maging mamimili na patunayan na ang account ng nahuling pagbabayad ng mamamili na nakatala ay o dating panginoong maylupa, tagapangasiwa, o ahente ng bahay.  Maaaring kasama sa beripikasyon ang, ngunit hindi limitado sa, isang kasunduan sa pagpapaupa o pagrerenta, mga resibo ng renta, isang dokumento ng pamahalaan na nagpapahiwatig na ang umookupa ay nagrerenta sa ari-arian.

May karapatan ang mamimili na salungatin ang bayarin sa tubig kung ang nakasulat na kahilingan ay tinanggap ng Distrito nang hindi hihigit sa 10 araw pagkatapos ng buwan na kasunod ng paggamit na siningil (hal. mga singilin sa Disyembre ay kailangang salungatin sa Enero 10).  Sa sandaling matanggap ang nakasulat na kahilingan, ang Pangkalahatang Tagapangasiwa o iba pang itinalagang empleyado ng Distrito, ay kaagad na iimbestigahan ang ebidensiya na ibinigay ng Mamimili at ang impormasyon sa file sa Distrito na nauukol sa mga singilin sa tubig na pinagtatalunan.  Ang isang nakasulat na desisyon ay ibibigay sa Mamimili may kinalaman sa katumpakan ng mga singilin sa tubig na isinaad sa bayarin.  Ang pinagtatalunang bayarin ay dapat bayaran sa petsang dapat bayaran o sa loob ng 2 araw ng desisyon, alinman ang mas huli.  Sinumang mamimili na sinasalungat ang pinakahuling pagpapasiya ng kawani ng Distrito ay maaaring umapela sa Lupon, nang nakasulat, sa loob ng 5 araw ng desisyon.  Ang buong halaga ng bayarin ay dapat bayaran sa petsang dapat bayaran habang nakabimbin ang pagrepaso ng Lupon.  Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direkto ang apela sa susunod na nakatakdang regular na pagpupulong.